American Cancer Society
Every cancer. Every life.

# CAR T-Cell Therapy para sa Cancer

Ang CAR T-cell therapy (chimeric antigen receptor T-cell therapy) ay isang uri ng immunotherapy. Binabago nito ang mga gene sa mga T cell ng isang tao (isang uri ng puting selula ng dugo) upang matulungan ang mga itong atakihin ang mga selula ng cancer. Maaaring makatulong ang CAR T-cell therapy sa paggamot sa ilang uri ng cancer, kahit kapag ang ibang paggamot ay hindi na mabisa.

## Paano gumagana ang CAR T-cell therapy?

Para sa CAR T-cell therapy, kinukuha ang mga T cell mula sa iyong dugo. Henetikong binabago ang mga ito sa isang laboratoryo para magkaroon ng chimeric antigen receptor (CAR) sa panlabas na ibabaw nito. Natutulungan nito ang mga T cell na dumikit sa partikular na antigen ng selula ng cancer. Pagkatapos ay ibinabalik ang mga CAR T cell sa iyong dugo.

## Paghahanda para sa CAR T-cell therapy

Ang pagkuha ng CAR T-cell therapy ay medyo naiiba sa iba pang mga uri ng paggamot. Nakapaloob dito ang:

- Pagkolekta ng mga T cell sa iyong dugo (leukapheresis), kadalasan sa 1 o higit pang mga operasyong pang-outpatient
- Paghihintay ng ilang linggo para mabago at maparami ang mga ito sa laboratoryo
- Pagkuha ng pangmaikling panahong chemotherapy upang makatulong sa pagpapababa ng bilang ng iba pang mga immune cell sa iyong katawan ilang araw bago ang CAR T-cell infusion.

Kausapin ang iyong cancer care team tungkol sa kung ano ang aasahan pagkatapos ng infusion. Makakatulong ito sa iyo at sa iyong tagapag-alaga na pagplanuhin ang mga pagbabago sa iskedyul ng iyong trabaho o pamilya kung kailangan.

## Paano ibinibigay ang CAR T-cell therapy?

Ibinibigay nang isang beses ang CAR T-cell infusion. Kadalasang inaabot ito ng sa pagitan ng 30 at 60 minuto, ngunit maaaring mas tumagal pa ito. Sa oras na makumpleto ang infusion, sasabihin sa iyo ng iyong doktor kung kailan ka makakauwi.

Ilang linggo pagkatapos ng infusion, regular kang titingnan sa ospital. Makakatulong ito sa iyong doktor na tukuyin ang anumang mga problema o reaksyon sa therapy sa lalong madaling panahon.

## Saan pumupunta ang mga tao para makakuha ng CAR T-cell therapy?

Ibinibigay ang CAR T-cell infusion sa ospital o medical center na partikular na sinanay sa paggamit nito. Kakailanganin masubaybayan ka nang mabuti nang ilang linggo pagkatapos makuha ang CAR T cell at madalas na bumalik para sa follow-up.

## Mga side effect ng CAR T-cell therapy

Paminsan-minsan, maaaring magdulot ang CAR T-cell therapy ng mga malubha o kahit banta sa buhay na side effect, kabilang ang cytokine release syndrome (CRS). Habang dumarami ang mga CAR T cell sa katawan, maaaring maglabas ang mga ito ng napakaraming kemikal na tinatawag na **cytokines**, na ina-activate ang immune system. Maaaring kabilang sa malulubhang side effect mula sa paglabas na ito ang:

- Mataas na lagnat at panginginig
- Kahirapang huminga
- Malubhang pagkaalibadbad, pagsusuka, at/o pagtatae
- Nahihilo o lutang ang pakiramdam
- Pananakit ng ulo
- Mabilis na pagtibok ng puso
- Pakiramdam na pagod na pagod

Ang CAR T-cell therapy ay maaari ring magdulot ng:

- Mga problema sa sistema ng nerbyo, tulad ng pagkalito, kombulsyon, at pagkawala ng balanse
- Mga allergic na reaksyon sa oras ng infusion
- Mababang antas ng potassium, sodium, o phosphorus sa dugo
- Ang huminang immune system ay maaaring mauwi sa nadagdagang panganib ng malulubhang impeksyon
- Mababang bilang ng selula ng dugo

Maaaring mangyari ang ilang side effect sa panahon ng o agad pagkatapos magpagamot, habang maaaring mangyari sa iba pagkatapos ng ilang araw, linggo, o buwan pagkatapos ng paggamot.

## Mga itatanong

Ang mga sumusunod ay ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor at cancer care team:

- Saan ako pupunta para sa magpagamot? Makakapagmaneho ba ako nang mag-isa?
- Kakailanganin ko bang may mag-alaga sa akin pagkatapos ng paggamot? Gaano katagal?
- Kailan ko kailangang bumalik para sa follow-up pagkatapos ng paggamot?
- Anong mga side effect ang maaaring maranasan ko? Ano ang dapat kong gawin tungkol dito?
- Maaari ko bang patuloy na inumin ang iba ko pang mga gamot o supplement?
- Babayaran ba ng aking insurance ang aking paggamot? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Makakapagtrabaho ba ako at magagawa ang mga regular na aktibidad?
- Ano ang maaari kong gawin para maalagaan ko ang sarili sa panahon ng paggamot?
- Kailan ko dapat tawagin ang doktor o nars?

Para sa higit pang impormasyon at suporta, bisitahin ang website ng American Cancer Society sa **cancer.org/tagalog** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345**. Narito kami kapag kailangan mo kami.



©2026, American Cancer Society, Inc.
No. 0862.11 Rev. 3/26

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity